

Sekai wa Hitotsu

No.162

Hulyo, 2025



Ugnayan ng Gifu at ng Mundo Gifu International Exchange Center

- “Tulay” ng Gifu at Mundo
Pagpapakilala sa mga Tagapayo para sa mga Dayuhang Nakatira sa
Gifu at mga Tagapag-ugnay sa International Exchange
- Gifu International Exchange Center – Ang Aming mga Gawain
- Protektahan ang 「Buhay」 – Gabay sa mga Sakuna tuwing Tag-init



Pagpapakilala sa mga Tagapayo para sa mga Dayuhang Residente at mga Tagapag-ugnay sa International Exchange.

Tungkol sa Tagapayo para sa mga Dayuhang Nakatira sa Gifu....

Tumutulong kami sa mga dayuhang naninirahan sa Gifu para makapamuhay nang maayos. Nagbibigay kami ng tulong sa pamamagitan ng pagsasalin, interpretasyon, at payo tungkol sa iba't ibang aspeto

Tagapayo
para sa mga
Dayuhang
Nakatira



Tsukamoto Eveline
(Portuguese)

Ako po si Tsukamoto Eveline. Tinutulungan ko ang mga dayuhang may mga problema sa pamumuhay, trabaho, edukasyon, at iba pa. Sinisikap kong magbigay ng tama at madaling maintindihang impormasyon, at mahalaga sa akin ang tiwala ng mga taong lumalapit sa akin. Gusto kong maging isang tao na puwede ninyong lapitan anumang oras na kayo'y may pinagdadaanan. Paborito kong lugar sa Gifu ay ang Minna no Mori Media Cosmos dahil moderno ito at napakaganda ng disenyo. Maraming salamat.

Tagapayo
para sa mga
Dayuhang
Nakatira



Nakada Vae
(Filipino)

Ako po si Vae, at isang taon na akong nagtatrabaho bilang tagapayo para sa mga Filipino dito sa Gifu Prefecture. Tinutulungan ko ang mga dayuhan sa kanilang mga problema sa pamamagitan ng pag-asikaso sa kanilang mga pangangailangan at pagsasalin sa mga pampublikong opisina. Araw-araw akong nagsusumikap na makatulong sa mas marami pang tao. Gustong-gusto ko ang Gifu dahil tahimik ito at napakaraming magagandang tanawin. May mga lugar dito na nagpapaalala sa akin ng Davao City sa Pilipinas kaya nakakaramdam ako ng nostalhiya at kapanatagan. Paborito kong pasyalan ang Yoro Park dahil kahit anong panahon mo ito bisitahin, palaging kahanga-hanga ang ganda nito. Maraming salamat.

Tagapayo
para sa mga
Dayuhang
Nakatira



Kubota Manabu
(Vietnamese)

Cac ban oi! (Hello!)
Ako po si Kubota at simula noong Abril ay nagtatrabaho ako bilang tagapayo para sa mga dayuhang residente. Kung may kailangan kayo huwag po kayong mahiyang lumapit. Paborito kong lugar sa Gifu ay ang Shirakawa-go, lalo na kapag taglamig, para kasing nasa engkantadong lugar. Hilig ko din ang food adventures at kamakailan ay natikman ko ang sikat na hiyashi tanuki soba ng Gifu. Meron itong sangkap na tenkasu sibuyas at abura-age simple lang pero sobrang sarap!

Tungkol sa International Exchange Coordinator (CIR)...

Ang mga Coordinator for International Relations (CIR) na naka-assign sa Gifu International Exchange Center ay tumutulong sa pamamagitan ng translation at interpretation para sa mga local government agencies. Bukod dito, sila rin ay ipinapadala sa mga paaralan upang magturo ng wika, Nagsasagawa ng mga lecture para sa mas malalim na pag-unawa sa iba't ibang kultura, Nag-oorganisa ng mga international exchange events. Layunin ng kanilang trabaho ay palalimin ang ugnayan at pagkakaintindihan ng mga foreigners at ng local community.

CIR



Gustavo Henrique Tonarchi Sorato
(Brazil)

Ako po si tavo mula sa Brazil. Tatlong taon na pala akong nagtatrabaho bilang Coordinator for International Relations sa Gifu International Exchange Center, hindi ko namalayan, ang bilis ng panahon. Ang Gifu ay napapalibutan ng mga bundok, at saan ka man tumingin, makikita mo ang magagandang tanawin. Lagi akong humahanga sa ganda ng Gifu Castle na matatanaw mula sa malayo. Dahil dito, naging hilig ko na rin ang pag-akyat ng bundok. Dati, sanay ako sa buhay-lungsod, pero mabilis akong naka-adjust sa tahimik at magandang paligid dito sa Gifu. Naniniwala akong ito ay dahil sa mainit na suporta ng lahat ng tumulong sa akin. Patuloy po akong magsusumikap na maging tulay sa pagitan ng kultura ng Japan at Brazil. Maraming salamat.

CIR



Pham Phuong Hien
(Vietnam)

Xin chao! (Kumusta!)
Ako po si Hien ng Gifu-ken International Center. Tinutulungan ko ang mga dayuhang naninirahan sa pamamagitan ng pagsasalin, interpretasyon, at konsultasyon. Nagtuturo rin ako ng wika at nagpapakilala ng kultura para mas maintindihan natin ang isa't isa. Ginagawa ko ang lahat para mas mapalapit sa inyo ang Vietnam sa masaya at simpleng paraan. Paborito kong lugar sa Gifu ang paligid ng Kanayama Shrine. Dahil maraming puno roon, madalas akong dumadaan pagkatapos ng trabaho, lalo na kapag kailangan ko ng lakas ng loob. Minsan, nakatulong talaga sa akin ang mga salita mula sa omikuji (fortune slip) na nakuha ko roon. Mahilig ako sa pagkaing Hapon, at syempre, gusto ko rin uminom ng Japanese sake na bagay dito, pati na rin ng tsaa. Sa panahong papalapit na ang tag-init, nakakaramdam ako ng simpleng saya sa mga ordinaryong sandal, sabay naming pinapanood ng mga kaibigan ko ang parehong tanawin habang kumakain ng ice cream.

CIR



Zeng Jiyou
(Chinese)

Dàijiā hǎo! (Hello po sa inyon lahat!)
Ako po si Zeng Jiyou, isang CIR sa Gifu International Exchange Center simula noong Abril. Puwede n'yo po akong tawagin na “Kiyuu-chan.” Tumutulong po ako sa pagsasalin at interpretasyon ng Japanese at Chinese, at ako rin ang nag-oorganize ng mga klase at events na may kinalaman sa wika at kulturang Chinese. Hangarin ko pong makatulong para maging mas maayos at mas masaya ang pamumuhay ng mga taong may iba't ibang kultura dito sa Gifu. Ang paborito kong lugar sa Gifu ay ang Nagara River. Araw-araw akong tumatawid dito papunta sa trabaho, at kapag maaraw, sobrang ganda ng mga halaman sa tabi ng ilog at ang asul na tubig. Nakaka-relax talaga yung tanawin. Mahilig din ako sa milk tea, kaya tara, sabay-sabay tayong mag-toast gamit ang milk tea! Ganbei! (Cheers sa Chinese)

Protektahan ang *[BUHAY]*

Gabay sa Kalamidad Tuwing Tag-init

Ang Japan ay isang bansang madalas tamaan ng sakuna tulad ng bagyo, lindol, at malakas na ulan. Mahalagang maghanda nang maaga, kahit wala pang sakuna. Narito ang mga impormasyon na makakatulong para makaiwas sa panganib mula sa bagyo at mga aksidente sa tubig ngayong tag-init.

Bagyo



Dumarating ang Bagyo sa Japan mula Hulyo ~ Setyembre. Malakas ang ulan at hangin. Puwedeng tumaas ang tubig sa ilog at umapaw. Puwedeng tumigil ang train at bus.

- Palaging i-check ang weather updates sa cellphone o TV.



Aksidente sa Tubig



Dahil sa mga Aksidente sa Tubig, maraming tao ang nalunod at namamatay bawat taon. Ang mga ilog ang pinakamapanganib na lugar na malapit sa atin. Kapag naglalaro o nage-enjoy sa ilog, mahalagang sundin ang mga patakarán.

- Magsuot ng Life Jacket
- Huwag Tumawid sa Ilog sa Paglangoy
- Huwag Uminom ng Alak.
- Huwag Iwanang Mag-isa ang mga Bata.
- Dalhin Pauwi ang Basura, Huwag Itapon sa Ilog.



Kapag may emergency, agad tumawag sa
☎ 119(Emergency sa ilog)
118(Emergency sa dagat)

Notice

Para maprotektahan ang sarili at ang mahal sa buhay, tumanggap ng disaster info mula sa Facebook ng International Exchange Center!

Sa aming center, gumagamit kami ng “Multilingual Automatic Disaster Information System” para maibigay ang malinaw na impormasyon tungkol sa mga sakuna sa mga dayuhang residente. Nagbibigay rin kami ng impormasyon sa iba’t ibang wika sa pamamagitan ng Facebook at iba pa.



⟨Mga uri ng impormasyon⟩

Emergency alert	➔	Nanganganib ang buhay.
Evacuation order	➔	Lumikas agad.
Flood warning level	➔	Maaaring umapaw ang ilog.
Evacuation advisory level	➔	Tumataas ang tubig sa ilog.
Landslide warning	➔	Maaaring magkaroon ng pagguho ng lupa.

Narito ang QR code ng aming Facebook page!



Japanese



Filipino



Mga Gawain Namin sa Gifu International Center

Ang Gifu International Center (GIC) ay isang lugar kung saan pwedeng makipag-ugnayan ang mga tao mula sa iba't ibang bansa. Layunin naming tumulong sa pagbuo ng isang lugar na magkakasama ang iba't ibang kultura at mas lalo pang mapalapit ang ugnayan ng Japan sa ibang bansa.

Pagtulong sa Pagbuo ng Multicultural na Komunidad

- Suporta sa pamumuhay at edukasyon ng mga batang dayuhan at kanilang pamilya
- Libreng konsultasyon sa mga tagapayo o eksperto tulad ng administrative lawyer
- Tulong sa pag-aaral ng Japanese at suporta sa mga gustong mag-volunteer bilang Japanese teacher
- Impormasyon at lectures tungkol sa sakuna (tulad ng sa Facebook at mga disaster seminar)

Pagtataguyod ng Pagkakaunawaan ng Lahat

- Gumagawa ng magazine na nagbibigay ng impormasyon sa iba't ibang wika "Sekai wa Hitotsu"
- Nag-oorganize kami ng language at culture classes para mas mapalaganap ang pagkakaunawaan ng iba't ibang lahi
- Pumupunta sa mga paaralan para turuan ang mga bata tungkol sa kultura ng ibang bansa
- Naghahanda ng events kung saan pwedeng magsama-sama ang mga Japanese at foreign residents

Pagsuporta sa mga Volunteer at Organisasyon

- Pagsasanay at pag-aayos ng mga medical interpreter volunteer
- Pagsasanay para sa mga volunteer sa panahon ng sakuna
- Pagbibigay ng suporta sa mga organisasyong nagtatrabaho para sa multicultural na komunidad
- Pagpaparehistro at pag-aalok ng volunteer sa mga local na organisasyon

【Sumali bilang GIC Supporter】

Tumatanggap kami ng mga indibidwal at grupo na gustong tumulong sa aming mga gawain.

Annual fee	3000 yen para sa indibidwal 5000 yen para sa grupo
-------------------	---

GIC Membership Benefits	Makakatanggap ka ng magazine(Sekai wa Hitotsu) at may discount sa mga event.
--------------------------------	--

Para sa karagdagang detalye, kontakin lang ang GIC.



Consultation para sa mga Foreign Residents sa Gifu

Tumatanggap ang GIC ng konsultasyon tungkol sa mga bagay na may kinalaman sa Tax, Housing, Education, Welfare (tulong mula sa gobyerno). Pwede kang kumonsulta sa 15+ languages.

Para sa Mga dayuhang naninirahan sa Gifu Prefecture

Konsultasyon sa telepono Available sa higit 15 wika

Face-to-face na konsultasyon English, Chinese, Portuguese, Filipino, Vietnamese



Para sa Specialized Consultations

Tumatanggap kami ng mga espesyal na konsultasyon. Puwede kayong kumonsulta tungkol sa mga isyu sa Immigration (Immigration Services Agency), batas (abogado), at mga dokumento o papeles (Administrative Scrivener). Mangyaring tumawag muna para makapagpa-appointment. May interpreter para sa Portuguese, Filipino, at Vietnamese, kaya mas magiging madali at malinaw ang pag-uusap.

Para sa Mental Health Concerns

Kung may pinagdadaanan ka sa trabaho, pamilya, o relasyon, hindi mo kailangang harapin ito mag-isa. May libreng counseling mula sa mga counselor na marunong mag-Portuguese, Filipino, at Vietnamese. Kailangan magpa appointment at tumawag muna bago pumunta.

TEL: 058-263-8066 Office hours: 9:30 AM – 4:30 PM (Monday to Friday)

Publisher & Editor

Gifu International Center (GIC), Public Interest Incorporated Foundation

〒500-8875 Gifu-shi Yanagase-dori 1-12 Gifu Chunichi Biru 2-kai

TEL: 058-214-7700 FAX: 058-263-8067

E-mail: gic@gic.or.jp Website: <https://www.gic.or.jp>

Opening Hours: 9:30 AM hanggang 6:00 PM (Sunday to Friday)

Closed: Sabado, holidays, at year-end/New Year holidays

Available Languages: English, Chinese, Portuguese, Filipino, Vietnamese, at iba pa

